

MGA LARAWANG-GUHIT NI MINA PRICE

# Pagsunod kay Jesus sa Papua New Guinea

## Paano Sinusunod ni Erwin si Jesus

Sinusunod ni Erwin si Jesus sa pamamagitan ng pagtulong sa matatanda sa kanyang bayan. Tumutulong siyang linisin ang kanilang bakuran at dinadalhan niya sila ng pagkain. “Masaya ako kapag tinutulungan ko sila. Gusto ko pang makatulong,” sabi niya.

Sinusunod din ni Erwin si Jesus sa pamamagitan ng pagdarasal sa Ama sa Langit. “Kapag nagdarasal ako, pakiramdam ko ay kasama ko si Jesus,” sabi niya.

Ipinagdasal ni Erwin sa Ama sa Langit na tulungan ang kanyang pamilya na magkasama-sama magpakailanman. Nagpunta si Erwin at ang kanyang pamilya sa templo sa Tonga para mabuklod bilang isang pamilya. Sabi niya, “Nadama ko ang Espiritu sa loob ng templo. Napakapayapa at tahimik doon.” ●



**Si Erwin at ang kanyang pamilya sa Nuku‘alofa Tonga Temple.**

### Maaari Mo ring Sundin si Jesus!

**Ano ang nagawa mo para sundin si Jesus? Isulat at ikuwento sa amin! Pumunta sa pabalat sa likod para makita kung paano.**




## Tungkol kay Erwin

**EDAD:** 7

**MULA SA:** Central Province, Papua New Guinea

**MGA WIKA:** English at Tok Pisin

**MGA MITHIIN:** 1) Magpalipad ng eroplano. 2) Maging missionary.

**MGA LIBANGAN:** Pagsasayaw at pangingisda

**PAMILYA:** Inay, Itay, tatlong kuya, at isang ate

## Mga Paborito ni Erwin

**KUWENTO SA AKLAT NI MORMON:** Nang gumawa si Nephi ng sasakyang-dagat (tingnan sa 1 Nephi 17–18)

**TRADISYON NG PAMILYA:** Pagtitipon ng buong pamilya sa nayon para sama-samang kumain

**PRUTAS:** Mansanas

**KULAY:** Pula

**AWIT SA PRIMARY:** “Ako ay Anak ng Diyos,” (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 2)